# PINOPROTEKTAHAN KA NG BATAS NG CALIFORNIA MULA SA KARAHASANG DULOT NG PAGKAMUHI

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

Ipinagbabawal ng batas ng California ang mga paggawa ng karahasan laban sa isang tao o kaniyang ari-arian batay sa mga personal na katangian, tulad ng lahi, etnisidad, oryentasyong seksuwal, pagkakakilanlan ng kasarian, o relihiyon. Ipinapatupad ng Civil Rights Department (Departamento ng Mga Karapatang Sibil, CRD) ng California ang isa sa mga batas sibil na ipinagbabawal ang ganoong "karahasang dulot ng pagkamuhi" – ang Ralph Civil Rights Act (Batas Ralph para sa Mga Karapatang Sibil, seksiyon 51.7 ng Kodigo Sibil). Kung naging biktima ka ng karahasang dulot ng pagkamuhi, maaari kang maghain ng reklamo sa CRD laban sa taong nanakit sa iyo.

## ALING MGA PERSONAL NA KATANGIAN ANG PINOPROTEKTAHAN SA ILALIM NG BATAS RALPH?

*Aktuwal o ipinagpapalagay na katangian ng isang tao:*

- kasarian/gender (kabilang ang pagbubuntis, panganganak, at mga nauugnay na medikal na kondisyon)
- pagkakakilanlan ng kasarian at pagpapahayag ng kasarian
- lahi
- kulay
- relihiyon
- ninuno
- bansang pinagmulan
- kapansanan
- medikal na kondisyon
- henetikong impormasyon
- katayuan sa kasal
- oryentasyong seksuwal
- pagkamamamayan
- pangunahing wika
- katayuan sa imigrasyon
- politikal na kinaaaniban
- posisyon sa hidwaan sa trabaho

Ang mga nakalistang katangian na ito ay mga halimbawa ng mga pinoprotektahang katangain; pinoprotektahan din ng batas ang mga tao laban sa diskriminasyon batay sa iba pang katangian.

## ANO ANG IPINAGBABAWAL SA BATAS RALPH?

Ipinagbabawal ang karahasang dulot ng pagkamuhi kahit saan, kabilang ang lugar ng trabaho, sa bahay, lugar ng pagsamba, o sa lansangan. Sa ilalim ng Batas Ralph, ipinagbabawal ng batas sibil ng California ang karahasang dulot ng pagkamuhi at pananakot sa pamamagitan ng mga banta ng karahasan. Ang karahasang dulot ng pagkamuhi ay anumang marahas na aktong inuudyukan ng pagkiling laban sa aktuwal o ipinagpapalagay na pinoprotektahang katangian ng isang tao – iyon ay kung ano ang alam ng isang tao tungkol sa iyo o iniisip niyang alam niya tungkol sa iyo na pinoprotektahan sa ilalim ng batas. Karaniwang nangangailangan ito ng pisikal na paglapit o banta ng pisikal na paglapit sa isang tao o kaniyang ari-arian. Walang maaaring mag-atas sa isang tao na talikuran – o isuko – ang mga proteksiyon ng batas. Bilang halimbawa, hindi maaaring iatas sa isang tao na isuko ang mga proteksiyon sa ilalim ng batas bago niya maaaring matanggap ang mga produkto o serbisyo.

*Bilang halimbawa, ipinagbabawal ng Batas Ralph ang:*

- Subukang hindi hikayatin – o pigilan – ang mga aktibidad ng relihiyon sa pamamagitan ng mga banta ng karahasan;
- Sirain ang ari-arian ng isang tao dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na lahi, kulay, o bansang pinagmulan ng taong iyon;
- Magsagawa ng bandalismo o graffiti sa isang guasali dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na oryentasyong seksuwal ng mga taong gumagamit o nagmamay-ari sa gusali;
- Gumamit o mag-amba (magpakita) ng armas para bantaan o saktan ang isang tao dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na kasarian o pagkakakilanlan ng kasarian ng taong iyon;
- Atakihin o subukang atakihin ang isang tao dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na kapansanan; o
- Magtaguyod ng karahasan laban sa isang tao dahil sa kaniyang aktuwal o ipinagpapalagay na pinoprotektahang katangian, kabilang ang politikal na kinaaaniban o ninuno, para mag-udyok ng napipintong ilegal na pagkilos – iyon ay ang hikayatin ang isang tao na kumilos sa paraang labag sa batas.

# PINOPROTEKTAHAN KA NG BATAS NG CALIFORNIA MULA SA KARAHASANG DULOT NG PAGKAMUHI

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

## MGA MAGAGAMIT NA REMEDYO

Nagbibigay ang Batas Ralph ng mga remedyong sibil para sa mga taong naging puntirya ng mga paggawa ng karahasan o banta ng karahasan dahil sa kanilang aktuwal o ipinagpapalagay na pinoprotektahang katangian. Kung nagdesisyon ang isang korte nang pabor sa isang taong naging puntirya ng pagkamuhi, kabilang sa mga magagamit na remedyo ang:

- **Mga utos ng pagpigil:** Ang mga utos ng pagpigil ay mga kautusan ng korte na maaaring protektahan ang isang tao mula sa pisikal o seksuwal na pang-aabuso, pagbabanta, palihim na pagsubaybay, o pangha-harass. Kabilang sa mga halimbawa ng mga utos ng pagpigil ang pagbabawal sa isang tao na gumawa ng mga partikular na akto laban sa isa pang tao o pag-atas sa isang tao na manatiling malayo sa isa pang tao nang may partikular na distansiya. Sa ilang pagkakataon, maaaring protektahan ng mga utos ng pagpigil ang pamilya o mga miyembro ng sambahayan bukod sa isang indibidwal. Pagkatapos makakuha ng utos ng pagpigil mula sa isang korte, maaaring patawan ng multa o ikulong ang mga lalabag sa kautusang iyon;
- **Aktuwal na bayad-pinsala:** Salapi para saklawin ang mga pinsalang natamo, tulad ng gastos sa medikal na paggamot, nawalang sahod, pagkukumpuni ng ari-arian, o kabayaran para sa emosyonal na paghihirap o pagkabalisa;
- **Parusang bayad-pinsala:** Karagdagang salaping bayad-pinsala na ipinag-uutos ng isang korte para parusahan ang mga taong lumalabag sa batas;
- **Mga multang sibil:** Sa anumang kasong isinampa ng taong nakaranas sa akto ng pagkamuhi - o ng Pangunahing Abogado (Attorney General), abogado ng distrito, o abogado ng lungsod, maaaring magpataw ang korte ng multang $25,000, na mapupunta sa taong naghain ng reklamo; at/o
- **Mga kabayaran sa abogado:** Maaaring mag-utos ang korte ng pagbabayad ng mga kabayaran sa abogado na resulta ng kaso - hindi kailanman magiging pananagutan ng taong naging puntirya ng pagkamuhi ang mga kabayaran sa abogado ng taong gumawa sa marahas na akto.

## ANO ANG MAAARI KONG GAWIN KUNG MAY TAONG GUMAWA NG AKTO NG KARAHASANG DULOT NG PAGKAMUHI LABAN SA AKIN?

1. Una, pumunta sa lugar kung saan ligtas ang iyong pakiramdam. Humingi ng medikal na tulong kung kinakailangan.
2. Makipag-ugnayan sa Resource Line and Network (Linya ng Mapagkukunan at Network) ng California vs. Hate (CA vs. Hate) sa 1-833-8-NO-HATE (1-833-866-4283) o mag-ulat nang online sa https://stophate.calcivilrights.ca.gov/s/ para makakuha ng akses sa mga mapagkukunan at suporta na mahusay sa iba't ibang kultura. Ang CA vs. Hate ay hindi linya ng pag-uulat sa tagapagpatupad ng batas; ang mga taong tumatawag ay maaaring matuto tungkol sa kanilang iba't ibang mapagpipilian para sa mga susunod na hakbang. Maaaring kabilang dito ang pagkonekta sa mga mapagkukunang maiaalok ng mga organisasyong nakabatay sa komunidad na mahusay sa iba't ibang kultura, kabilang ang suporta sa kalusugan ng pag-iisip o iba pang suportang panlipunan serbisyo. Maaaring piliin ng mga indibidwal at komunidad na makatanggap ng follow-up mula sa aming mga tauhan tungkol sa mga pagpipilian para sa mga susunod na hakbang. Kung hihilingin, maaaring magbigay ang CA vs. Hate ng karagdagang impormasyon tungkol sa pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas at sa mga pangkalahatang paraan kung paano nagpapatuloy ang imbestigasyon ng krimen sa mga kasong ito. Nag-aalok ang CA vs. Hate ng suporta sa wika para sa lahat ng komunidad sa pamamagitan ng numero ng telepono at online na portal.
3. Kung komportable ang iyong pakiramdam, maaari kang mag-ulat ng anumang marahas na banta o akto sa lokal na departmento ng pulisya mo. Subukang ipaliwanag ang koneksiyon sa pagitan ng karahasan o banta ng karahasan at iyong aktuwal o ipinagpapalagay na katangian bilang pinoprotektahan sa ilalim ng batas (lahi, kulay, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng kasarian, kasarian, edad, kapansanan, oryentasyong seksuwal, relihiyon, atbp.). Pagkaimbestiga sa hinihinalang akto, maaaring magsampa ang piskal ng kasong sibil o kriminal.
4. Subukang magsulat ng maraming impormasyon ng pangyayari tungkol sa insidente hangga't makakaya mo, kabilang ang impormasyon tungkol sa (mga) salarin; mga eksaktong salita o kilos na sinabi/ginawa

(kung mayroon); ingatan o itala ang lahat ng ebidensiya (bilang halimbawa, graffiti, balat ng itlog, sulat sa iyong sasakyan o bahay, kuha ng video mula sa kalapit na negosyo o bahay); at kunin ang mga pangalan, address, numero ng telepono, at email ng ibang taong naging puntirya ng pagkamuhi at mga saksi. Maaari mong hilingin sa ibang tao na tulungan kang kunin ang impormasyong ito pagkatapos ng insidente.

5. Maaari kang maghain ng reklamo sa CRD. Iimbestigahan ng CRD ang mga paghahabol at pangangasiwaan nito ang pagpapamagitan at mga kasunduan – at sa ilang sitwasyon ay maaari nitong idulog ang reklamo sa korte – nang wala kang babayaran. Hindi mo kailangan ng abogado para iulat ang paghahabol sa CRD, ngunit maaari kang magsangkot ng isa kung pipiliin mo ito. Maaari ding tumanggap ng mga reklamo ang ibang ahensiya ng gobyerno.

6. Maaari kang makipag-usap sa isang abogado at maghain ng pribadong kaso sa ilalim ng seksiyon 52 ng Kodigo Sibil ng California para ipatupad ang Batas Ralph. Maaari mong idulog ang isang paghahabol sa ilalim ng Bane Civil Rights Act (Batas Bane para sa Mga Karapatang Sibil), seksiyon 52.1 ng Kodigo Sibil ng California, na ipinagbabawal sa sinuman ang paghadlang sa pamamagitan ng karahasan o banta ng karahasan sa iyong mga karapatan ayon sa konstitusyon o kautusan ng estado o pederal na pamahalaan. Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa ilalim ng Batas Bane, maaari kang maghabol ng mga remedyong sibil o maaaring maghabol ang isang pampublikong piskal na parehong parusang sibil at kriminal.

7. Maaari kang mag-aplay sa California Victim Compensation Board (Lupon ng Bayad-Pinsala sa Biktima sa California, CalVCB) para makatanggap ng kabayaran para sa iyong mga pagkawala, kabilang ang pagbabayad para saklawin ang iyong mga medikal na gastusin, nawalang kita, at iba pang pagkawala. Maaari kang makakuha ng tulong sa mga aplikasyon sa CalVCB sa Victim/Witness Assistance Center (Sentro ng Tulong sa Biktima/Saksi) ng Tanggapan ng abogado ng iyong lokal na distrito, na direktang nakikipagtulungan sa CalVCB. Para makahanap ng Mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Saksi na malapit sa iyo, bisitahin ang: [www.victims.ca.gov/for-victims/get-help/](www.victims.ca.gov/for-victims/get-help/)

---

**Kung sa tingin mo ay naging puntirya ka ng karahasang dulot ng pagkamuhi batay sa pinoprotektahang katangian, maghain ng reklamo. Karaniwang kailangang ihain ang reklamo sa loob ng isang taon mula sa ilegal na akto ng pagkamuhi, ngunit maaaring mayroong mas mahabang panahon para sa paghain kung hindi pa kilala ang taong gumawa sa akto sa oras ng insidente. Mangyaring tawagan ang CRD kung mayroon kang mga tanong tungkol sa panahon ng paghahain o anumang iba pang tanong tungkol sa paghahain ng reklamong nauugnay sa Batas Ralph.**

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon, maaari kang tulungan ng CRD sa pamamagitan ng pagtatala sa iyong iniuulat na impormasyon sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa  Pandinig o may mga kapansanan sa pananalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa ibaba.

## PARA MAGHAIN NG REKLAMO

### Departamento ng Mga Karapatang Sibil

calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Bayad: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320

*Para sa mga karagdagang pagsasaling-wika ng gabay na ito, bisitahin ang:*

[www.calcivilrights.ca.gov/posters/HateViolence](www.calcivilrights.ca.gov/posters/HateViolence)